Republika ng Pilipinasas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG IKA-5 KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-01 NG AGOSTO, 2022.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III | " |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE | " |
| KGG. VICTORINO M. ALDABA III | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 91-2022**

**ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA NAGPAPAHAYAG NG TAUS-PUSONG PAKIKIRAMAY NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NG MALOLOS SA PANGUNGUNA NI PUNONG LUNGSOD - IGG. CHRISTIAN D. NATIVIDAD AT NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS SA PANGUNGUNA NI PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD - IGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA AT NG MGA BUMUBUO NITO SA PAMILYA AT MGA NAULILA NG MABUNYING DATING PANGULONG FIDEL VALDEZ RAMOS.**

**ITINAGUYOD NI: KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
**AKDA NINA: KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III, KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE, KGG.VICTORINO M. ALDABA III, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. DIONISIO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**

**SAPAGKAT**, naging ika-12 Pangulo ng Republika ng Pilipinas si Lubhang Kagalang-galang Fidel Valdez Ramos mula taong 1992-1998;

**SAPAGKAT**, sa kanyang panunungkulan ay naihatid niya ang bansa sa pedestal ng kaunlaran at dahil sa kanyang epektibo at episyenteng pamumuno ay binansagan ang Pilipinas bilang "The Rising Tiger of Asia";

**SAPAGKAT**, kilala ang administrasyong Ramos sa pagpapalakas at pagpapatatag ng ekonomiya ng bansa na nagbalik ng kumpiyansa ng mga dayuhang namumuhunan sa bansa na nagbunsod ng paglago ng Foreign Direct Investment at naitawid ang bansa sa banta ng masamang epekto ng Asian Economic Crisis;

**SAPAGKAT**, mula Enero 22, 1988 hanggang Hulyo 18, 1991 ay nanungkulan siya bilang Kalihim ng National Defense sa ilalim ng administrasyon ni dating Pangulong Corazon C. Aquino;

**SAPAGKAT**, mula Pebrero 25, 1986 hanggang Enero 21, 1988 ay naitalaga siya bilang Chief of Staff ng Armed Forces of the Philippines sa panahon ng Aquino Administration at mula Oktubre 24, 1984 hanggang Disyembre 02, 1985 sa ilalim ng Marcos Administration;

**SAPAGKAT**, mula taong 1972 hanggang Pebrero 25, 1986 ay nahirang siya bilang Chief ng Philippine Constabulary;

**SAPAGKAT**, ipinamalas niya ang kahusayan, katapatan at katatagan sa pamumuno bilang Pangulo at Pinuno ng Sandatahang Lakas ng Pilipinas na naging mabunga at nagdulot ng ibayong kaunlaran sa bansa at kabuhayan sa mga mamamayang Pilipino;

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI
KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III, KASANGGUNI
KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI
KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI
KGG. VICTORINO M. ALDABA III, KASANGGUNI
KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE, KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI

**SAPAGKAT,** ang kanyang mga Gawain, programa at proyektong isinulong at naisakatuparan ay naging magandang modelo sa bawat administrasyong nagdaan at naging pundasyon ng isang matatag na Republika;

**SAPAGKAT,** noong ika-31 ng Hulyo, 2022 ay yumao si dating Pangulong Fidel Valdez Ramos sa edad na 94 at ito'y nagdulot ng kalungkutan at isang malaking kawalan sa larangan ng paglilingkurang madla;

DAHIL DITO, sa kahilingan ni **Igg. Nino Carlo C. Bautista** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINASIYA,** gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya, na nagpapahayag ng taus-pusong pakikiramay ng Pamahalaang Panlungsod ng Malolos sa pangunguna ni Punong Lungsod - Igg. Christian D. Natividad at ng Sangguniang Panlungsod ng Malolos sa pangunguna ni Pangalawang Punong Lungsod - Igg. Miguel Alberto T. Bautista at ng mga bumubuo nito sa pamilya at mga naulila ng mabunying dating Pangulong Fidel Valdez Ramos.

**PINAGTIBAY.**

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE**
KASANGGUNI

**KGG. VICTORINO M. ALDABA III**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo ng Hapag

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*08012022